THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Malademonyong Pananalig

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Oktubre 20, 2021

Ang malademonyong pananalig ay pananalig na kontrolado ng kapangyarihan ng demonyo. Lahat ay may pananalig sa Diyos; ang pananalig ay kung ano ang pinaniniwalaan ng isang tao; kahit na ang mga demonyo ay naniniwala sa Diyos; ngunit hindi tayo maililigtas ng kanilang paniniwala. Nalilito tayo pagdating sa katotohanan ng pagtutubos ng Diyos; patuloy ang paalala ng Diyos laban sa walang kabuluhang pananalig. Para hindi tayo mahulog sa bitag ng malademonyong pananalig, dapat magkaroon tayo ng kaalaman at pang-unawa kung sino ang mga demonyo at dapat marunong din tayong tumalima sa mga turo ng Diyos.

**1. Ang Demonyo bilang espiritu**

1.1 Ang mga demonyo ay espiritu na nilikha ng Diyos para maglingkod sa Kanya; dati silang mga anghel kasama si Lucifer na kanilang pinuno. Ang mga dating mababait na anghel ay sumunod kay Lucifer na nagrebelde sa Diyos.

1.2 Patuloy na nagbibigay ng babala si Santiago laban sa pagkakaroon ng pananalig na walang kalakip na gawa (Jas. 2:18-20). Nagrerebelde pa rin ang mga demonyo; hindi sila nagsisisi. Kaya, kung hindi tayo sumusunod sa turo ng Diyos, malademonyo ang ating pananalig.

**2. Pananalig na walang kalakip na gawa**

2.1 “Walang kabuluhan ang pananalig na walang kalakip na gawa” (Jas. 2:20).

2.2 Mga paraan paano malakipan ng gawa ang pananalig: tanggapin ang mga sakramento; ipagdasal ang mga taong nakagawa sa iyo ng masama; huwag magkalat ng mga tsismis; ipagtanggol ang kapwa; limitahan ang panonood ng telebisyon at paggamit ng Facebook; at magkawang-gawa sa mga institusyon.

2.3 Kaya, si Jesus lamang ang daan ng ating kaligtasan.

2.4 Ang gawa ang tanging patunay ng kaligtasan.

**3. Si Satanas ay anghel na nalaglag mula sa langit.**

3.1 Likas na sinungaling si Satanas at ama ng kasinungalingan (Jn.8:44). Alam na alam ni Satanas at ang kanyang mga anghel ang tungkol sa: Banal na Kasulatan, Diyos, Hesu-Cristo at pagliligtas.

3.2 Ang Salita ng Diyos, ang Bibliya, ay daan ng ating kaligtasan, para masundan natin ang pamamaraan ng Diyos; para mabago tayo at maging kalarawan Niya (2Cor.3:18).

3.3 Sinubok na baguhin ni Satanas ang Ebanghelyo noong tinukso niya si Jesus (Mt. 4:5-6), at upang magnakaw, pumatay at magwasak (Jn.10:10)

**4. Pananalig na may kalakip na gawa**

4.1 “Hindi lahat ng tumatawag sa akin Panginoon, Panginoon ay papasok sa kaharian ng Diyos” (Mt. 7:21); kinikilala nila si Jesus ngunit wala silang relasyon sa Kanya. Kailanman hindi sila kinilala ni Jesus (Mt.7:23); sila’y naging suwail at hindi nagsisi, at di rin nila minahal ang Diyos.

4.2 Kaya, gumawa tayo ng paraan para maging matatag ang ating pananalig sa Diyos: makipag-ugnayan sa Diyos araw-araw; pag-aralan ang Kanyang Salita at magbasa ng mga aklat na nagpapalalim ng pananalig.

4.3 Higit sa lahat, purihin natin ang Diyos sa Kanyang kabutihan at hingin na patatagin ang ating pananalig.

**Konklusyon:**

Ang totoong pananalig na nagliligtas ay hindi lamang base sa kaalaman at katotohanan. Kasama ng pagliligtas ang pagsisisi at tiwala sa Panginoon; biyaya ng Diyos ang kailangan natin para sa mabago ang lahat.

**Pagninilay:**

1.Ano ang iyong mga ginawa para makamtan mo ang pagliligtas?
2. Ano ang ginawa mo para mapalapit sa Diyos?
3. Anong mga pagsubok ang naranasan mo na nakaapekto sa iyong pananalig at paano mo ito napagtagumpayan?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
#pananalig; #pagliligtas; #Pagsisisi